JOY FULL

# Kagalakan sa Paghahangad na Mas Makilala si Cristo

WEEK 3

## WARM-UP

- Sino ang itinuturing mong pinakamagaling na atleta sa buong kasaysayan? Ano sa palagay mo ang dahilan ng kahusayan niya?
- Ikaw ba ang tipo ng tao na sasali sa isang palaro kahit na walang gantimpala? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.
- Balikan ang isang pagkakataon na kinailangan mong baguhin ang isang bagay  (hal., lumipat sa ibang bayan o magpalit ng trabaho) ngunit nahirapan ka dahil sa kagustuhan mong gawin kung ano ng maginhawa para sa iyo? Ano ang nangyari?

## WORD

*[8]At hindi lang iyan, para sa akin, ang lahat ng bagay ay walang halaga kung ihahambing sa pagkakakilala ko kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Itinuring ko na parang basura ang lahat ng bagay makamtan lang si Cristo, [9]at ako nama'y maging kanya. Hindi na ako nagtitiwala na ako'y magiging matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan kundi sa pananampalataya kay Cristo. Ang pagiging matuwid ko ay kaloob sa akin ng Diyos nang sumampalataya ako kay Cristo. [10]Nais ko ngayon na higit pang makilala si Cristo, maranasan ang kapangyarihan ng muli niyang pagkabuhay, makabahagi sa mga paghihirap niya at matulad sa kanya, sa kamatayan niya. . . .*

**MGA TAGA-FILIPOS 3:8–10**

Bilang isang pinuno sa iglesya, si Pablo ay maraming magagandang nagawa. Sa 27 na mga libro sa Bagong Tipan, 13 ang sinasabing isinulat niya. Ang aklat ng Mga Gawa ay naglalarawan ng mahalagang papel na ginawa niya sa pagtatanim at pagtatatag ng marami sa mga naunang iglesya. Hindi siya mapigilan sa pagpapasulong sa kaharian ng Diyos. Subalit makikita natin mula sa mga pahayag na sinulat ni Pablo sa mga

taga-Filipos na itunuturing niyang walang katuturan at hindi mahalaga ang lahat ng ito kung ikukumpara sa nag-uumapaw na kagalakan na naramdaman niya nang makilala niya si Cristo. Isang bagay lamang ang hinangad niyang makamit— ang higit pang makilala si Cristo at maranasan ang kapangyarihan ng muli Niyang pagkabuhay. Sa araling ito, titingnan natin kung paano natin magagawang magsumikap sa ating paghahangad na mas makilala pa si Cristo gaya ng ipinakita ni Pablo.

## 1 | Kalimutan ang nakaraan.

*Mga kapatid, hindi ko sinasabing naabot ko na ang ganap na buhay. Ngunit ito ang ginagawa ko ngayon: Kinakalimutan ko na ang nakaraan . . .* **MGA TAGA-FILIPOS 3:13**

Alam ni Pablo na hindi pa niya natatanggap ang gantimpala. Dahil dito, iisa lamang ang maaaring gawin—ang magpatuloy. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng pagkalimot sa nakaraan. Katulad ni Pablo, kailangan nating kalimutan ang mga bagay sa ating nakaraan. Kapag itinuon natin ang ating pansin sa nakaraan lamang, hindi natin makikita kung ano ang nasa ating harapan. Ang mga bagay sa nakaraan, maging ito man ay magagandang nagawa natin o mga kabiguan, ay maaaring maging hadlang sa ating pagsulong. Paano ka binigyan ng Diyos ng kakayahan na magtagumpay laban sa mga bagay sa nakaraan na naging hadlang upang ipagpatuloy mo ang mga layunin ng Diyos sa iyong buhay?

## 2 | Pagsikapan ang mga nasa hinaharap.

*. . . at pinagsisikapan kong makamtan ang nasa hinaharap . . .*
**MGA TAGA-FILIPOS 3:13**

Naunawaan ni Pablo na ang hindi pa niya pagtanggap ng gantimpala ay nangangahulugan na mas marami pang naghihintay sa kanya sa hinaharap—mas makikilala pa niya ang Diyos, mas marami pang pagkakataon upang maisapamuhay ang kalayaan niya kay Cristo, at mas marami pang tao ang

naghihintay na makaranas din ng kalayaang ito. Tulad ni Pablo, dapat tayong magsumikap na *makamtan ang nasa hinaharap*. Dapat nating gawin ang kinakailangan upang makahakbang pasulong, dala ang pananampalataya na tayo ay inaakay ng Diyos upang maisakatuparan ang Kanyang layunin. Minsan, ang nagiging hadlang sa ating pagsulong ay hindi ang mga bagay sa nakaraan kundi ang kaginhawahan sa kasalukuyan. Hinihikayat tayo ni Pablo na magsumikap na magpatuloy sa pagsulong at hangarin na mas makilala pa si Cristo. Bakit tayo hindi dapat na maging komportable sa kasalukuyan?

## 3 Ituon ang iyong pansin sa layunin.

*. . . nagpapatuloy ako hanggang makamtan ko ang gantimpala na walang iba kundi ang pagtawag sa akin ng Diyos na makapamuhay sa langit sa pamamagitan ni Cristo Jesus.* **MGA TAGA-FILIPOS 3:14**

Nagawa ni Pablo na pagtagumpayan ang kanyang mga paghihirap at magkaroon ng kagalakan dahil ang kanyang mga mata ay nakatuon sa gantimpala. Ang gantimpalang ito ay hindi isang bagay na magagawa niya rito sa mundo para sa Diyos, kundi ang Diyos mismo. Simula nang isuko niya ang kanyang buhay kay Cristo, ang layunin ni Pablo sa lahat ng kanyang mga ginagawa ay ang mas mapalapit pa kay Jesus hanggang sa araw na makita niya si Jesu-Cristo sa langit. Tulad nito, dapat nating ituon ang ating pansin kay Jesus. Anuman ang pinagdaraanan natin sa kasalukuyan, magagawa nating mag-umapaw sa kagalakan dahil alam nating ang lahat ng ito ay panandalian lamang. Magagawa nating mas hangarin na makilala si Cristo anuman ang mangyari, dahil sa huli, makakasama natin Siya nang walang hanggan. Paano mo naranasan ang kagalakan na bunga ng pagkilala mo kay Cristo at paano nito binago ang paraan mo ng pamumuhay?

## APPLICATION

- Hilingin sa Banal na Espiritu na ipakita sa iyo ang mga bagay sa kasalukuyan o sa nakaraan, na nagiging hadlang sa iyong pagsulong. Makipag-usap sa taong makatutulong sa iyo at mananalangin kasama mo upang mapagtagumpayan ito.
- Dapat nating ituon ang ating pansin sa layuning mas makilala pa si Cristo. Paano nito mababago ang isang bagay sa buhay mo? Ano ang gagawin mo sa ibang pamamaraan ngayong linggo dahil dito?
- Pasalamatan ang Diyos sa kagalakan na nagmumula sa paghahangad kay Cristo. Hingin sa Kanya na bigyan ka ng mga pagkakataon na maibahagi ang kagalakang ito sa iyong mga kapamilya at kaibigan ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kagalakan na nagmumula sa pagkakaroon ng tamang ugnayan sa Kanya. Hingin sa Kanya ang kakayahan na iwanan ang mga bagay sa nakaraan, mabuti man ito o hindi, at magpatuloy sa paghahangad na mas makilala Siya.
- Hilingin sa Diyos na tingnan ng iyong motibo at ipakita sa iyo ang nasa loob ng iyong puso kung bakit mo ginagawa ang mga bagay para sa Kanyang kaharian. Ipanalangin na tulad ni Pablo, wala nang mas hihigit pa para sa iyo kaysa sa pagkilala kay Cristo.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang isang tao na nahihirapang kalimutan ang nakaraan. Hingin sa Diyos na ipaalam sa iyo kung ano ang maaari mong sabihin na magpapalakas ng kanyang loob at makakatulong sa kanya na magpatuloy sa kanyang pananampalataya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph